

Pusong Walang Pag-ibig: Ang Pagtatatwa sa Wika

Soledad S. Reyes

Nais kong pasimulan ang panayam na ito sa pagpapaliwanag ng pamagat tungo sa paglilinaw kung ano ang direksiyon ng panayam.

Una, ang *Pusong Walang Pag-ibig* ay pamagat ng nobelang isinulat ni Roman Reyes nuong 1910. (1) Konteksto ng nobela ang madugong rebolusyon laban sa mga Kastila, na sinundan ng Rebolusyon laban sa mga Amerikano at ilang taon matapos ang digmaan. Pinaikot ang nobela sa buhay at kamatayan ni Enrique, isang iresponsableng Pilipino na tinalikuran hindi lamang ang responsibilidad sa kanyang pamilya. Higit na mahalaga sa pagsusuring ito ang pagtalikod ni Enrique sa tawag ng sariling bayan. Isang duwag, taksil at huwad na Pilipino, itinatwa niya ang kanyang bayan nang talikuran niya ang rebolusyon laban sa mga Kastila. Siya ang “pusong walang pag-ibig” na tinukoy sa nobela.

Pangalawa, ang salitang “pagtatatwa” ay ginamit sa pagtukoy sa pagtalikod ni Pedro sa Panginoon niyang si Hesus nang tatlong beses niyang ipinagkaila na disipulo siya ng Kristo nang gabing dakpin ang Kristo sa Hardin ng Hetsemane. Wika ni Pedro, “Hindi ko siya kilala,” na isang mariing deklarasyon na wala siyang kaugnayan sa Kristo. Isang tahasang pagtanggap sa biyaya ng pagkakaibigan, sa isang dako, at pagkakanulo sa pinangakuang hindi siya maglililo kahit kailan, sa kabilang dako.

Pangatlo, sa paggamit ng isang matanda ngunit mahalagang nobela at ng isang serye ng kaganapan sa Bagong Testamento—magkakaugnay na konsepto ng “pagtatatwa,” “pagtataksil,” “pagtalikod,” at “pagkakaila”—

ninais kong bigyan ng konteksto ang kasalukuyang papel ng wikang Filipino sa ating kasaysayan.

Na kailangang pang bigyan ng espasyo sa kalendaryo na binubuo ng labindalawang buwan o limampu't dalawang linggo ang itinuturing na “Buwan ng Wika” o “Linggo ng Wika” ay isang malaking anomalya. May Linggo ng Wika ba sa Indonesia, sa Estados Unidos, sa Alemanya, o sa iba pang mga bansa sa daigdig? Kinailangan ba ng mga Hapones o mga Malaysian o ng mga Nigerian na ipagdiwang ang Linggo ng Wika?

Saan ba nanggaling ang direktiba na nagtatakda ng pagdiriwang ng wika sa buwan ng Agosto? (2) Saan pa kundi sa isang kolonyal na kasaysayan kung saan ang kakanyahan ng sariling wika, ang lakas at kapangyarihan nito hindi lamang bilang behikulo ng pakikipag-ugnayan kundi instrumento sa paglikha ng mga diskurso sa iba't ibang larangan, ay naisaisang-tabi kundi man nabulid sa bangin ng pagkalimot, sa harap ng katotohanang higit na pinahalagahan ang wikang Ingles ng pangkalahatang sistema. Sino ang “pusong walang pag-ibig” sa kasaysayan?

Ang Wika bilang “Kaiba”

Sa kasaysayan at sa lipunan, lalo na sa ikalawang hati ng ika-20 siglo, nanatiling isang “Kaiba” o “Other” ang sariling wika, nasa laylayan, ipinalalagay na walang kapangyarihan, walang lakas, walang puwersa. Sinabi nga ni Gloria Diaz nang magwagi siya bilang Miss Universe nuong Hulyo 16, 1969 “I use Tagalog to speak to the maids.” Sa lubusang paniniwala na superyor ang Ingles sa Filipino, libu-libong netizens, na sa tingin ko naman ay mahina din sa wika ni Shakespeare, nagiging katawa-tawa ang mga pagkakamali ni Vilma Santos sa kanyang ispelang ng “truely” at “bless” (na dapat ay “blessed/blest”) sa kanyang maikling sulat kay Kris Aquino na ipinost ni Aquino sa Instagram. Milyun-milyon din ang nanlilibak kay Melanie Marquez o iba pang sumasali sa mga *beauty contests*, sa mga pagkakamali nila sa pagsasalita ng Ingles.

Pero “cute” ang mga pagaril-garil na pagsasalita ng mga Amerikanitong sina Sam Milby, Martin Nievera, at kung sinu-sino pang mga artista na ang tanging puhunan ay magandang mukha. Naparito sa Pilipinas dahil dito sila yayaman, sa tulong ng mga milyon-milyong Pilipino na tumatangkilik sa kanila. At kapag nag-Ingles sina Sharon Cuneta, Kris Aquino, o Heart Evangelista (pawang galing sa pamilyang

may-kaya at nag-aral sa mga pribadong paaralan), hangang-hanga tayo. Tunay silang edukado!

Paano nagkaganito ang pagtingin natin sa Filipino? Paano naitulak ang Filipino sa labas ng diskurso ng kapangyarihan? Paanong ang wika na kakambal ng dakilang Rebolusyon, at ang lahat ng positibong kahulugan nito, ay nasalalak sa ganitong abang kalagayan sa puso ng maraming Pilipino (lalo na ang nagtataglay ng kapangyarihan—sa politika, sa batas, sa akademya, sa ekonomiya, sa negosyo, sa edukasyon)? Paanong nangyari na ang sariling wika ay humihingi ng pagpapahalaga maging sa sistemang edukasyunal?

“Sa ningning ng nag-aalab na liwanag”: Ang Wika sa ika-19 na siglo

Taliwas sa kasalukuyang palagay na “mahina” at walang sapat na lakas ang Filipino bilang wika ng bansa ang mga patunay mula sa kasaysayan na buo, matatag, at mayaman ang Tagalog (na pinagbatayan ng Filipino). Sa panahon ng kolonyalismong Kastila, nabuo ang isang masalimuot na diskurso ng wika sa mga akdang lumabas sa ika-labingsiyam na siglo. Sa paggugumiit ng Tagalog sa harap ng pamamayani ng Kastila, ating matatagpuan ang mga awit at korido, ang buhay ng mga santo, mga komedya na nilikha ng mga manunulat tulad nina Balagtas at Jose de la Cruz; mga akda sa prosa na tumalakay sa mga pagpapahalaga ng mga tao tulad ng *Urbana at Felisa* (1864) ni Modesto de Castro at Si *Tandang Bacio Macunat* (1875) ni Miguel Lucio Bustamante, at ang makapangyarihang pasyon na bahagi ng kamalayang popular hanggang ngayon.

Higit sa lahat, bilang patunay na masigla at masigasig ang paggamit sa wika bilang instrumentong politikal ng mga manunulat—ilustrado at mahirap—ang nakagugulat na kalipunan ng mga sanaysay at mga tula nina Andres Bonifacio, Marcelo H. Del Pilar, Emilio Jacinto, Gregoria de Jesus, at iba pa na higit pang nagpayabong ng Tagalog na ginamit hindi sa bagay na espirituwal. Sekular at politikal ang paksa ng mga akdang naturan kung saan ang mga konsepto tungkol sa kolonyalismo, kalayaan, antiklerikalismo, mga ideya hango sa *Enlightenment* ay buong tapang na tinalakay at isinangkap sa mga akda upang imulat ang mga katutubo sa mga bunga ng kolonyalismo.

Ang Pagpapayabong ng Wika sa Panahon ng Amerikano

Sa panahon ng mga Amerikano, nagpatuloy ang ganitong malawakan at masigasig na pagmimina sa lakas ng Tagalog sa malaking bilang ng mga pahayagang itinatag—*Ang Watawat, Ang Mithi, Taliba, Muling Pagsilang, Lipang Kalabaw*—sa mga peryodistang nagsulat ng mga artikulo, kolum at mga tula sa naturang pahayagan na sumaklaw sa maraming paksa. Kabilang dito ang bunga ng kolonyalismong Amerikano, ang di-matanggap na pagbabago sa kultura, ang mga kalabisan ng mga Amerikano, ang mga kahinaan ng mga Pilipino, ang ekonomiya ng bansa, at iba pa.

Sa daan-daang nobelang Tagalog na nalathala sa unang hati ng ika-dalawampung siglo matatagpuan ang tinig ng mga manunulat na nagmana sa tradisyon ng protesta. (3) Isinulat ang mga nobela hindi ng mga mangmang kundi ng mga Pilipinong nakapag-aral sa Ateneo Municipal, San Juan de Letran, Unibersidad ng Santo Tomas at iba pang kolehiyo. Malalim ang kabatiran ng mga manunulat sa kasaysayan ng ibang bansa, sa mga sistemang pilosopikal at sosyolohikal, sa mga panitikan ng mundo.

Binasa ang mga nobela nina Faustino Aguilar, Lope K. Santos, Inigo Ed. Regalado, Juan Arsciwals, at iba pa, ng mga tao mula sa lahat ng antas ng lipunan—mula sa mga may-kaya hanggang sa karaniwang tao. Dinagsa sa mga teatro ang nga sarsuwela nina Severino Reyes, Juan Abad, Aurelio Toletino, at iba pang manunulat na nagpamulat sa katotohanan ng kolonyalismo.

Nakisangkot ang mga manunulat na ito sa karanasan ng lipunang kolonyal sa pamamagitan ng peryodismo, pagkilos ng unyong obrero, at maging sa politika. Isa si Isabelo de los Reyes sa nagtatatag ng Iglesia Independiente Filipina. Tagalog ang wika ng diskurso ng mga intelektuwal tulad nina Lope K. Santos, Faustino Aguilar, Severino Reyes, Dominador Gomez, Hermenegildo Cruz, at malaking bilang ng manunulat.

Tagalog ang ginamit nila blang pakiiisa sa nakaraang Rebolusyon na maituturing na tunay na “dakilang bahagi” ng kasaysayan. Sa isang panayam, idiniin ni Lope K. Santos ang kaugnayan ng Tagalog ng Rebolusyon sa pamamayani ng wikang sarili sa unang dalawang dekada ng ika-20 siglo:

Ang panitikan nati’y nagsasabi ng napakarami niyang naaning mga bunga at natipong bagong binhi ng kalayaan at makabagong kabihasan. Diyan sa panahong iyan

lalong nasarili ng wikang Tagalog ang mga karangalan ng pagkawika ng Katipunan, Himagsikan, at Republika, ang pagka-wika ng Kalayaan at Kasarinlan, ang pagka-wika ng mga lalong dakilang Bayani ng Lahi, at ang pagka-wika ng lagi nang masidhing pagtutol laban sa mga banyaga at dayuhang makapangyarihan. . . nalathala ang ating mga bagong aklat, pamamahayag, palatuntunan, at libu-libong kasulata't babasahing makabansa ang kalakhan ng sambayanan, upang sumunod nang buong puso sa pagsinsay sa dating landas ng kadiliman, at lumipat sa landas ng bagong araw. Sa liwanag ng mga nag-aalab na isip at pusong bayaning nagpapasakit nang mga taong iyon, ay nakalikha tayo ng isang panitikang may mga wasto nang pagsulat, may maiimbulong nang diwa sa pagsasalita, may mga dakilang kasulatan at katibayan ng pagkabansa, at nagkaisang wika nang batibot, matipuno at sagana sa mga salita ng kalayaan, saka ng pagkapoot at pagtutol sa pinagkamihasnang pagkaalipin. (4)

Sa kamay nina Lope K. Santos, Aguilar, Regalado, at marami pang bahagi ng unang henerasyon ng manunulat sa Tagalog, ang pagsulat ay isang “kilusan sa pagtubos sa kalagayang aba ng wikang sarili, na gayong siyang sa bayan, ay siya pang nakasadlak sa siphayo at pagkalugami.” (5) At ang pagtatatag ng iba't ibang kapisanan ng wika ay pagtatangkang ipagtanggol ang sariling wika.

Sa ganitong pananaw, mahigpit ang ugnayan ng wika at pambansang karanasan, at sumusulat ng nobela, tula at dula hindi upang magdulot lamang ng aliw kundi maging gabay sa pag-unawa sa bunga ng kolonyalismong Amerikano tulad ng pandarambong at sabwatan ng mga pinunong Amerikano at ng mayayamang Pilipino (*Pinaglahuan*, 1907), ng tagisan ng mga uri mula sa sosyalistikong pananaw (*Banaag at Sikat*, 1906), ng madugong pag-aalsa laban sa mga mananakop (*Madaling Araw*, 1909), ng nakamamatay na bunga ng mga batas tulad ng Flag law (*Bulalakaw ng Pag-asa*, 1909), ng mga dahilan sa pag-aaklas (*Isa Pang Bayani*, 1915), ng mga karanasan ng mga rebolusyunaryong Pilipino na naturingang tulisan (*Lalaking Uliran o Tulisan*, 1914), ng mga bunga ng kolonyalismo sa kultura

at pagpapahalaga ng mga Pilipino (*Sampagitang Walang Bango*, 1921). Sa wika nabigyan ng kahulugan ang mga abstraktong konsepto.

Mabibigat at masasalimuot ang mga paksang naturan na binigyan ng dugo at laman sa paglikha ng mga sitwasyon at tauhang obhektipikasyon ng mga nagtatagisang isyu. Sa maraming hindi nagbabasa ng mga nobelang Tagalog, inakala nilang binubuo ang mga nobela ng walang katapusang usapan sa wikang mahirap maunawaan. Wasto ang ganitong pintas, subalit hindi nila alam na ang ganitong mga tagpo ay ginagamit upang palinawin ang tema ng mga nobela.

Sa kasaysayan ng nobela sa Kanluran, lalo na sa panahong realismong sosyal tulad ng mababasa sa mga akda nina Victor Hugo, Honoré de Balzac, Leo Tolstoy, Fyodor Dostoyevsky, Charles Dickens, William Thackeray, at Emile Zola, halimbawa na, masusi ang ginagawang pagtalakay sa mga piling isyung kinakaharap ng mga bansa sa tiyak na panahon. Inilarawan ng mga akda ang panahon ng rebolusyon sa Pransiya, ang piyudalismo sa Rusya, ang bunga ng industriyalisasyon sa Inglatera, ang pananalasa ng problemang panlipunan sa Paris. Sa ganitong mabibigat na isyu, hindi maari ang isang patalon-talon, magaan, at superpisyal na tono. Seryoso ang tono sapagkat mabigat ang mga isyu.

Para sa mga Pilipinong walang kasanayan sa pormal na antas ng Tagalog na siyang ginamit sa unang mga nobela hanggang sa mga akdang sinulat pagkalipas ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig, at sanay lamang sa lengguwahe ng bahay at pamilya, mahirap maunawaan ang mga nobela. Subalit para sa ilang henerasyon ng publiko hanggang sa panahon ng inyong mga lola at lolo, sa dekada limampu at animnapu, ang pagbasa ng mga akda sa sariling wika ay isang kinasanayang gawain, na bahagi ng pangaraw-araw na buhay. Isa itong karanasang pinagsasaluhan ng publiko, hindi isang bagay na nagaganap sa loob ng silid.

Ang Paglabas ng *Liwayway*: Ibayong Popularidad ng Prosa sa Filipino

Sa paglipas ng panahon, lalong lumaki ang bilang ng nagbabasa ng nobela at maikling kuwento sa paglabas ng *Liwayway* nuong 1922. Ang magasing ito, na sa kasalukuyan ay binabatikos ng mga wala namang gaanong alam sa kasaysayan ng panitikan, ang siyang naglabas ng mga akda nina Jose Corazon de Jesus, Florentino Collantes, at ng mga batikang nobelistang tulad nina Antonio Sempio, Fausto Galauran, Clodualdo del

Mundo, Macario Pineda, ang mga Pambansang Manunulat tulad nina Amado V. Hernandez at Lazaro Francisco, at premyadong manunulat tulad nina Liwayway Arceo, Genoveva Edroza Matute, Rosario de Guzman Lingat, Lualhati Bautista, at maging ng mga manunulat ng *Mga Agos sa Disyerto*. Paano mabubuo ang kasaysayan ng panitikan sa Pilipinas kung babale-walain ang kasaysayan ng *Liwayway*, lalo na kung iisipin natin na sa pamamayani ng Ingles ay *Liwayway* ang sumalo sa tungkuling palaganapin ang sariling panitikan sa kabila ng pambabatikos dito ng mga gitnang uri? (6)

Ang Kolonyalismong Amerikano at ang Imposisyon ng Ingles

Mai-uugat ang mababang pagtingin sa Filipino sa sistemang kolonyal na dala ng mga Amerikano, katulad ng paulit-ulit na tesis ni Renato Constantino. (7) Sa halip na maging instrumento ng pagiging pantay sa batas (sa pagtuturo ng Ingles, ipinalagay ng mga Amerikanong administrador na mamumulat ang mga mata ng mga Pilipino sa kanilang pagkaalipin, magsikap na matutuhan ang batas upang itama ang mali), lalong lumawak ang agwat ng milyun-milyong mahihirap at iilang mayaman na may hawak ng kapangyarihan at namayani sa mga institusyon ng bayan, at gumagamit ng Ingles.

Ang sistemang edukasyunal ang isa sa pinakamalakas na katulong sa papapalaganap ng pananaw na Ingles ang susi sa progreso at kaunlaran, mula sa elementarya hanggang sa kolehiyo. Milyun-milyong mag-aaral ang hindi lamang natutong gumamit ng wikang banyaga kundi higit na mahalaga, tumanggap ng mga ideya at konsepto, mga pagpapahalaga at ideyal na nag-ugat sa kulturang banyaga. Sa palasak na Ingles sa paaralan at sa mga anyong kultural sa kapaligiran—mga aklat, magasin, radyo, pelikula, at ngayon ang telebisyon at internet (ang mundo bilang isang *global village*)—milyong Pilipino ang nagbukas ng sarili sa kagulat-gulat at nakakahihilong produkto ng teknolohiya at globalisasyon.

Ang Pagkiling sa Kanluran at ang Pagbabago sa Panlasa

Nalikha ang panlasa na nagpapahalaga sa *imported*, sa kanluranin, sa nakagugulat na produkto ng siyensiya at teknolohiya. (8) Nabuo ang paniniwalang ang galing sa Estados Unidos tulad ng pelikula, telebisyon, awitin at iba pang produkto, ay superyor sa katutubo kahit na nga ba

ang mga pelikula sa Hollywood (mula sa *Maltese Falcon* hanggang sa *The Avengers*), mga awitin ni Beyonce o One Direction, mga palabas sa telebisyon tulad ng *Sex and the City* o *The Vampire Diaries*, mga seryeng tulad ng *Twilight* o *Harry Potter*, ay **KITSCH**, o bahagi ng kulturang popular, at walang pagtatangkang maging intelektuwal. Mga teksto silang pinalalaganap ng mga korporasyon tulad ng Sony, Disney, HBO, halimbawa na, na naglalayong magbigay ng aliw at kumita ng limpak-limpak na salapi sa buong mundo.

Dapat ding idiin na ang mga akdang ito ay di-maiiwasang bunga ng mga pagbabago ng mga ideyal at pagpapahalaga ng lipunan na lubog sa teknolohiya at materyalismo, at bunga rin ng walang hunos-diling pamamayani ng indibiduwalismo at sekularismo, lalo na sa Kanluran.

Ano ba ang kinakatawan ng halos hubad na katawan nina Miley Cyrus o Beyonce habang bigay-todong umindak sa nakakawiwindang-sa-pandinig na musika, sa gitna ng nakahihilong paggamit ng teknolohiya? Kulito na sumasamba sa panlabas na kagandahan at kabataan, paniniwala sa walang habas na paghahanap ng kaligayahan sa iba't ibang materyal na paraan, ang ideya ng makasariling indibiduwalismo, at *sense of entitlement*. Ano ba ang sinasabi ng mga programang *crime stories* sa telebisyon at ang interes sa *forensic science* sa *NCIS*, *Criminal Minds*, *Law and Order*? Na ang Estados Unidos ay pinamamayanihan ng isang ideolohiyang sumasamba sa sagisag ng karahasan tulad ng matataas na kalibreng baril, na ang mga trahedyang ay mareresolba sa paggamit ng *forensic science* at hindi ng pag-aaral sa sikolohiya ng mga nasisiraaan ng ulo at pumapatay sa mga walang malay. Salamin ng uri ng pamumuhay sa Estados Unidos ang ganitong mga programa.

Ano ba ang sinasagisag ng walang-tigil na pagbuhos at pagsambulat ng mga makukulay na imahen at laro sa internet? Ang kawalan ng interpersonal na ugnayan, ang lumalalim na alyenasyon ng mga mga adik sa internet, ang pamamayani ng teknolohiya na humahantong sa pagkawala ng pansariling karapatan, katulad ng isiniwalat ng Amerikanong si Edward Snowden.

Dahil hindi naman sanay ang nakararami na usisain ang mga motibo ng kulturang popular, ang indibiduwalismo at komersiyalismo nito, ang walang-habas na paghahanap ng mga kapitalista ng mapagtatapunang mga produkto, ang epekto ng globalisasyon na puwersahang buksan ang mga

mahihirap na bansa sa impluwensiya nito, hindi problema ang pagpasok nito at pagdaloy sa kamalayan ng mga tao. Na tinanggap ang mga ito ng mga Pilipino ay isang di-maiiwasang bunga ng edukasyong kolonyal—**the west is the best.**

Subalit may ilan pang matutukoy na mga dahilan kung bakit mababa ang pagtingin sa Pilipino. Ang ganitong pagpapalagay ay lubhang nakapagtataka sapagkat sa lipunang ito na pinagbukod-bukod ng kayamanan at kapangyarihan, milyun-milyon ang tumatangkilik sa Tagalog o Filipino. Sila ang mga taong nagbasa ng *Liwayway*, *Aliwan*, *Bulaklak*, *Tagumpay*, at mga komiks na namayani pagkatapos ng digmaan. Sila ang nanood ng mga pelikula nina Carmen Rosales at Rogelio de la Rosa, Gloria Romero at Nida Blanca, Amalia Fuentes at Susan Roces, Nora Aunor at Vilma Santos, Judy Ann Santos, Alma Moreno, nina Fernando Poe, Jr., Joseph Estrada, Christopher de Leon, at sa kasalukuyan, sumusunod sa romansa nina Daniel Padilla at Kathryn Bernardo. Milyon ang nanonood ng mga seryeng tulad ng *Gulong ng Palad*, *Flordeluna*, *Anna Lisa*, *Pangako sa 'Yo*, *My Husband's Lover*, *The Legal Wife*, *Ikaw Lamang* at *Be Careful with my Heart*. Sila ang bumibili ng mga best-sellers ni Bob Ong at mga nobela ng romansa, ang nagbabasa ng *Bulgar* o *Tempo*, ang nanonood sa *The Buzz* or *The Voice (Kid)*, na nakikinig sa mga komentaryo nina Noli de Castro, Korina Sanchez, Mike Enriquez, o kumakanta ng mga awit ni Sarah Geronimo o Aegis.

Sa pamamagitan ng mga magasing popular tulad ng *Liwayway*, milyong kopya ng makukulay na komiks (tinatayang sa kasagsagan ng popularidad nito nuong dekada pitumpo, higit sa dalawang milyon ang sirkulasyon nito), mga pelikulang Tagalog, programa sa radyo at telebisyon (na umaabot sa pinakaliblib na pook ng bansa), milyun-milyon ang nakabasa, nakarinig at nakapanood ng mga akda sa Filipino. Ang wika ang nag-uugnay sa lipunan.

Hindi katulad ng may hawak ng kapangyarihan, hindi itinatwa, pinagtaksilan, tinalikuran ng karaniwang tao ang sariling wika; ito ang kanilang kaluluwa, ang pinagmumulan ng buhay. Paaano nila “ilalaglag” ang wikang kanilang kinamulatan, kumakatawan sa kanilang mga karanasan, mga pangarap at simulain, at paraan upang ipahayag ang kanilang pagkaapi at wasak na pangarap? Maari bang tapatan ng Ingles ang kahulugan ng mga salitang nakaikot sa “loob,” sa “kalooban,” “sa utang na

loob,” sa “masama ang loob,” sa “kaulayaw,” “sansinukob,” at marami pang mga salita sa sariling wika na nag-ugat sa ating aktuwal na karanasan? Sa isang survey sa internet, ang pinakatanyag na manunulat ay sina Mars Ravelo, Gilda Olvidado, Pablo Gomez—pawang nagsulat sa komiks—hindi ang mga premyadong manunulat tulad nina Nick Joaquin o Francisco Arcellana or Amado V. Hernandez. Isa itong indeks sa pagpapahalaga ng mga tao. Masisisi ba sila?

Ang “Bakya” sa Kamalayan: Dekada 40-60

Kung maituturing na kolonisasyon ang pangkalahatang nagkanulo sa sariling wika na nagbunga ng higit na pagpapahalaga hindi lamang sa Ingles bilang wika kundi Ingles bilang instrumento sa popularisasyon ng kanluraning produkto at konsepto, may maituturong higit na partikular na mga kaganapan kung bakit sa ikalawang hati ng ika-20 siglo, kakatwa na ang pagtingin sa Filipino at sa mga akdang inihayag nito—panitikan, awit, komiks at pelikula, telebisyon, magasin at pahayagan.

Una, ang malawak at makapangyarihang doktrina galing sa historyador at kritikong si Teodoro A. Agoncillo, ang teorista ng grupong Panitikan na itinatag nuong ikaapat na dekada. Isa itong kilusan ng makabagong manunulat tulad nina Alejandro G. Abadilla, Salvador Barros, Cloudaldo del Mundo, Brigido Batungbakal, halimbawa na, na pumuna sa tradisyunal na mga akdang patuloy na inilalathala sa *Liwayway*. Sa ilang impluwensiyal na sanaysay, idiniin ni Agoncillo ang sa palagay niya ay masasamang katangian ng panitikan—nangangaral, nagtatatampisaw sa sentimentalismo, mabulalaklak na wika, komplikadong banghay, di-kapani-paniwalang tauhan. Itinakda niya ang paggamit ng kontrol sa pagsulat, pag-iwas sa didaktisismo at sentimentalismo, mabulaklak na wika, kahinahunan sa paglikha ng tauhan. (9) Sa kanilang pagkarahuyo sa mga akda nina O. Henry o Dorothy Parker na ginawa nilang modelo, inakala ng grupo ni Agoncillo na dapat lamang wasakin ang pamamayani ng tradisyunal na akda. Kung kaya sa isang dramatikong rebelyon, sinunog ng kabataang manunulat ang mga popular na akda ng mga “matatandang tinale” sa Moriones, Tondo nuong ika-2 ng Marso 1940 bilang sagisag ng kanilang pag-aalsa hindi lamang sa “matatandang tinale” kundi sa publikong tumangkilik sa mga akda.

Sa dekada apatnapu at limampu, naganap ang dramatikong labanan ng “matatandang tinale” at ng mga “sakdalista at aristokrata” sa panitikang Tagalog. (10) Dahil sa kapangyarihan ni Agoncillo, ang intelektuwal na nag-aral sa Unibersidad ng Pilipinas, na binasa at pinaniwalaan ng susunod na henerasyon ng kritiko, nagkaroon ng *paradigm shift*—sa pagpapahalaga sa “malikhaing” akda, na tutok ang atensiyon hindi sa mambabasa kundi sa anyo at sining ng akda: ang panitikan bilang panitikan. Tumaas ang pagpapahalaga sa mga kuwento at tula na ibayo ang ingat sa paglikha ng mga tauhang makatotohanan, banghay na batay sa panloob na karanasan, maingat na paggamit ng wika, at walang sermon. Isa na lamang elemento ang wika sa paglikha, hindi instrumento sa pagkamulat. Ang tula ni Abadilla laban sa tula ni Jose Corazon de Jesus; o ang kuwento ni Macario Pineda laban sa katha ni Fausto Galauran.

Pangalawa, sa ikaanim na dekada, ang imahen ng “bakya,” na gawa sa kahoy na pangkaraniwang isinusuot ng mga Pilipino, mayaman man o mahirap, ay binigyan ng mga kahulugan na nagpalala ng pagkakaiba ng panlasa ng mga karaniwang Pilipino at ng mga gitnang uri, kabilang na ang mga intelektuwal—nakapag-aral sa mga kolehiyo at unibersidad at babad sa kulturang mula sa Kanluran. Sa pagsusulat nila ng mga sanaysay at mga aklat tungkol sa kasaysayan ng panitikan o pagsusuri sa isang partikular na anyo, tumibay pa ang pananaw na malaki ang pagkakaiba ng “tunay na panitikan” sa mga akdang bunga ng komersiyalismo. Pinatindi nito ang tinatawag na *low-brow-high brow dichotomy*, na isang palasak na kategorya sa Kanluraning kritisismo ng kulturang popular, lalo na sa mga gitnang dekada sa ika-20 siglo.

Sapagkat hindi kumita ang obra maestra niyang *Anak Dalita* (1956) at *Badjao* (1957), inakala ni Lamberto Avellana (1925-1991), direktor ng mga pelikulang gawa ng LVN, na ito ay bunga ng hindi pagtangkilik ng “bakya crowd” sa mga pelikula niya. Sila ang milyun-milyong Pilipino na tumatangkilik sa mga pelikula, na kinakaladkad ang mga bakya (*que horror!*) sa pagpasok at paglabas ng mga sinehan. Wala raw silang masining na panlasa o “refined taste,” wala silang muwang sa komplikadong proseso ng paglikha, ang gusto lang nila ay walang-katapusang romansa at awitan (Carmen Rosales at Rogelio de la Rosa), mga bakbakan nina Efren Reyes at Johnny Monteiro, mga sayawan nina Nida Blanca at Nestor de Villa, mga drama nina Gloria Romero, mga pantasyang tulad ng *Darna* at *Dyesebel*. Wala silang alam—ang ignoranteng masang sabik na nanonood ng mga

pelikula ng Sampagita Pictures at Premier Productions, at LVN Pictures. Sila’y bakyang-bakya.

Mga Implikasyon ng Palasak at Di-Makatarungang Paggamit ng “Bakya”

Sa ganitong di-makatuwiran at walang habas na pagtatapat ng publiko (walang alam at walang gaanong edukasyon) at akda (mga pelikulang popular), sa pagtukoy sa mahirap bilang “masa” sa negatibong paraan, at sa implikasyon, na ang may-kaya o edukado ay di-masa at samakatwid ay angat sa karaniwan, lalong naidiin ang identipikasyon ng karaniwang manonood sa “masa” na walang sapat na sopistikasyon para intindihin ang mga akdang malikhain gawa ng mga “sakdalista at aristokrata” ng ikaanim na dekada.

Ang ganitong kritikal na pananaw ay palasak na sa Kanluran—sa Estados Unidos (na pinaghahanguan ng ating mga intelektuwal na konsepto at pamantayan) at maging sa Inglatera. Sa Estados Unidos, sa pagdami ng mga produkto ng “mass culture” dahil sa paglawak ng epekto ng teknolohiya, inatake ng kritikong tulad ni Dwight Macdonald ang “tyranny of the masses” dahil sa pagkagumon nila sa *comics*, *pulp fiction*, pelikula ng Hollywood, mga awitin nina Irving Berlin, mga magasin—lahat ng mga ito ay “pablum” o pagkaing nilusaw na at inihanda para sa mga sanggol (11). Ito ang mga akdang walang sinasabi, walang silbi at nagiging mumurahing instrumento upang takasan ang buhay, patungo sa daigdig ng pantasya at romansa, pakikipagsapalaran, at walang-humpay na paghahanap ng sagot sa pagnanasa.

Dapat ang ganitong malawakang konteksto upang higit na maunawaan kung saan galing ang mga negatibong pagtingin sa kulturang popular, ang pagmamaliit ng maraming Pilipino sa sariling mga akda na karamiha’y isinulat at inihayag sa Filipino. Ideolohikal ang ganitong pananaw na nag-uugat sa kolonyal na kasaysayan sa panahon ng mga Amerikano, katulad ng nabanggit na, at sa di-mapasubaliang tagisan ng uri.

Subalit higit na matindi ang implikasyon ng paggamit ni Avellana ng konseptong “bakya” sa pagtukoy sa mga pelikula. Sapagkat ang malaking bilang ng pelikula nuon pa mang ikaapat na dekada hanggang sa kasalukuyan ay hango sa mga orihinal na nobela (*Ang Punyal na Ginto* ni Antonio Sempio ang batayan ng kauna-unahang “talkie” nuong 1935),

o mga serye sa *Liwayway* (mga nobela nina Fausto Galauran tulad ng *Ang Monghita*, *Sino ang Maysala?*), mga nobelang pangkomiks ng kilalang dibuhista at manunulat na si Francisco V. Coching, mga akda ni Liwayway Arceo at Clodualdo del Mundo, at maging ni Edgardo M. Reyes na sumulat ng *Sa Mga Kuko ng Liwanag*).

Sakop din ng marahas at mapanganib na paghuhusga ang daandaang kuwento sa komiks na sinulat nina Tony Velasquez, Mars Ravelo, Pablo Gomez, Jim Fernandez, Elena Patron, Gilda Olvidado, halimbawa na, tulad ng *Darna*, *Dyesebel*, *Kenkoy*, *Panday*, *Bakekang*, *Diyosa*, *Magnong Mandurukot*, *Tipin*, *Maruja*, *Bukas*, *Luluhod ang Mga Tala*, *Tinik sa Dibdib*, *Kalabog En Bosyo*, *Pieta*, at daan pang serye). Sa ngayon, ang mga popular na teleserye at telenobela sa Filipino na ang ilan ay batay sa popular na serye sa radyo (*Gulong ng Palad*) at komiks, at sumunod sa mga kombensiyon ng naunang mga anyo, ay nadamay na rin. Wala silang silbi at walang puwang sa sopistikadong panlasa na kung tutuusin ay hindi naman ganoon kataas ang antas sapagkat tumatangkilik ng Marvel Comics at nanood ng *The Hunger Games* at manonood pa ng *Fifty Shades of Grey* na pawang inihahayag sa Ingles.

Mahalagang idiin ang negatibong impuwensiya ng di-kritikal na paggamit ng konsepto ng “bakya” sapagkat isa itong mapanganib, komprehensibo at makapangyarihang serye ng magkakaugnay na kahulugan na tahasang nagtataboy sa sariling mga akda at sariling wika sa labas ng tinatanggap na namamayaning diskurso ng kultura at kasaysayan (*mainstream culture and history*). Mapanganib ito sapagkat nabubuo ang mga murang kamalayan ng mga kabataan na madaling hatakin sa mga impluwensiyang kanluranin sa isang makapangyarihang sistema—ang edukasyon—na itinuring sanang matibay na gabay tungo sa pagiging responsableng mamamayan ng Pilipinas. Sapagkat parang espongha ang kamalayan, ang dumadaloy dito ay taglay ng tao hanggang sa kanyang pagtanda. Ito ang masalimuot na proseso ng pagbuo sa panlasa.

Hindi nangangahulugang pabalik lamang sa nakaraan ang pagtanaw—*nostalgia* na baka maging *necrophilia*. Maraming magagandang bunga ang paggamit ng Ingles (mga bagong kaalaman sa ekonomiya, siyensiya at teknolohiya, teorya ng politika at pag-unlad na magagamit tungo sa tunay na progreso ng bayan. Sa Ingles o sa salin dito, lalawak ang pananaw at kaalaman ng mga tao hinggil sa ibang bansa at ibang kultura. Sinasabi nga na ang Ingles ang wikang unibersal.

“Class” Vs. “Bakya”

Subalit sa pagpapatuloy ng panayam, dapat ding ipakita na higit na umigting ang kontradiksiyon ng “class” na naging parte ng popular na kamalayan simula nuong dekada pitumpo at lalong naging madugo sa panahon ng aktibismo. Ang “class” ay isang konsepto na itinatapat sa “bakya” bilang negatibong konsepto na idinidikit sa mga mahihirap at sa mga bagay-bagay na kanilang tinatangkilik—sina Eddie Peregrina, Eddie Mesa, Nora Aunor, Dolphy, Rafael Yabut, AM band, palengke ng Divisoria, jukebox tunes, ang mga tabloids.

Sa isang impluwensiyal na sanaysay ni Jose Lacaba, tinalakay niya ang implikasyon ng ganitong pamamayani ng konseptong di-kritikal na tinanggap ng lipunan. (12) “Class” ang mga kolehiyala at ang kanilang kakatwang paggamit ng Ingles, “bakya” ang mga maralitang tagalunsod na sumasama sa rallies. “Class” ang Ingles at “bakya” ang Filipino. Isang konseptong sosyolohikal, ang “class” ay naging palasak na konsepto na kakambal ng mga positibong kahulugan—mahusay, maganda, mahalaga, kanais-nais, marangal, sopistikado, marunong, edukado, at angat, at hango sa Kanluran. *Class* ang mayaman; *bakya* ang mahirap. Lalong dumami ang antas ng tagisan ng kalas ng dalawang konsepto na sumakop na sa tunggalian ng mga klase.

Sa ikaanim at ikapitong dekada, ang sariling wikang namayani at pinagpitaganan, at naging bahagi ng kasaysayan at panitikan ay nawalan ng ningning at naging lugami. Mga “Pusong Walang Pag-ibig” ang mga nagpasimuno sa ganitong abang kalagayan ng wika—ang estado, ang edukasyon, ang batas at iba pang institutasyon at mga gumagawa ng polisiya—at ang uring namamayani sa lipunan at sa akademya. Mahaba subalit isang prosesong may sariling determinasyon na naka-ugat sa kasaysayan ang ugat nito.

Wika at Edukasyon

Sa mga paaralang pribado, hindi nabasa ng mga bata ang mga karanasan nina Pepe at Pilar at ng aso nilang si Bantay. Sa mataas na paaralang pribado, higit na pinahalagahan ang mga akda nina Hawthorne at Longfellow. Halos walang itinuro tungkol sa sariling panitikan. Sa maraming kolehiyo, walang kurso sa Filipino o sa panitikang Filipino hanggang sa ikapitong dekada. Mga kabataang lumaki sa mga karanasang

stateside, tinuruang pagtawanan ang mga nagbabasa ng komiks, nanonood ng mga pelikula nina Amalia Fuentes, o nanonood ng *Buhay Artista* sa telebisyon. Lahat ng ito ay “bakya”!

Sa halip, pinakilos ng estado ang sistemang edukasyon, isang aparato sa pagbuo ng indibiduwal, sa pagbibigay-daan sa henerasyon ng mga batang ang pagmamahal sa bayan ay nasusukat sa pag-awit ng “Bayang Magiliw.” Sa loob ng mga paaralan, nalikha ang daigdig nina Jack at Jill, naglalakihang bahay kung saan nakasuot ng sapatos at medyas (hindi bakya) ang mga bata, malilinis na daan at nagtataasang gusali, ang maalwang buhay sa Estados Unidos na naging pangarap ng milyon Pilipinong marating, na nagbabasa ng *Look*, *Reader’s Digest*, o *Time* o *Newsweek*, nanonood ng mga pelikula nina Clint Eastwood o Harrison Ford, Meryl Streep na hindi nakababatid na, kahit na ano pang sabihin upang ipagtanggol ang pagbubukas ng sarili sa Kanluran at ang maganda at mapagpalayang impluwensiyang galing dito, naka-ugat ang mga pelikulang ito sa mga aktuwal na karanasan ng mga Amerikano—ang talamak na karahasan ng *vigilantism* sa papel ni Eastwood, ang alyenasyon sa karakter ni Streep, ang pagnanasang maging totoo ang mga tuklas sa siyensiya sa mga pelikulang tulad ng *Space Odyssey* o *Star Wars*, at sa kasalukuyan, sa mga nakagugulat na mga kagila-gilas na likhang-isip sa komiks na gawa ng higanteng korporasyong Marvel Comics ni Stan Lee.

Ang Estados Unidos sa Tingin ng Mundo

Sapagkat haling sa Kanluran, hindi batid ng nakararami na ang pinakamamahal nilang Estados Unidos ay binabatikos sa maraming bansa sa mundo dahil sa maraming dahilan sa bagong *geo-politics* ngayon. Sa eksklusibong pagtutok sa nakahahalinang buhay sa New York, Los Angeles o Las Vegas, walang kabatiran ang nakararaming Pilipino sa krisis na pang-ekonomiya na patuloy na rumaragasa sa Estados Unidos, ang pagdami ng mga taong wala halos makain at walang matirhan, at talamak na karahasan dala ng *racism* o ng walang-kontrol na paggamit ng mga nakamamatay na armas, ang matinding depresyon na humahantong sa pagpapakamatay. Ang ipinagmamalaking “American Dream” na hanggang sa ngayon ay nagtutulak sa libu-libong Pilipino upang lisanin ang bansa at mangibang-bayan ay nawalan na rin ng bisa at halina maging sa mga Amerikano.

Quo Vadis, Filipinas?

Kung walang mahigpit na pundasyon ang ilang henerasyon sa sariling kasaysayan at kultura, anong klaseng bansa ang malilikha? Isang bansa kung saan ang marami ay walang pagmamahal sa sariling bayan, walang gaanong dangal, hindi natutong magpapahalaga sa sariling wika (ang kaluluwa ng lahi), hindi nagpapahalaga sa sariling likha, at walang kahandaan upang suriin ang mga natatagong konseptong batayan ng ganitong pagkahumaling sa Kanluran.

Ilan ba ang nanonood ng “indie films”? Ilan ba ang nakapagbasa na ng mga nobela at kuwento nina Amado V. Hernandez, Nick Joaquin, Rolando Tinio, o Francisco Arcellana, Ricky Lee o Fanny Garcia? Ilan ba ang sumusuporta sa sariling musika? Ganito ang kalagayan ng marami sapagkat tinatangay ng malakas na hangin ng globalisasyon. Mahina ang kapit sa kultura dahil sa paraang maaaring hindi sinasadya, nabuo ang panlasa na nakahilig sa mga artipak na dala sa dalampasigan bilang isang bansang mahina at tagatanggap ng mga nakawiwiling produkto ng masalimuot na karanasan ng mayayamang bansa, lalo na sa panahong ito ng paglawak ng sinasakop ng teknolohiya.

Liwanag sa Dilim: Ang Pagbabalik ng Wikang Filipino sa Kamalayan

Kung madilim man ang daigdig na nailarawan sa panayam na ito, kung naging marahas man ang pagtalakay sa landasing tinahak ng sariling wika at ang mga kultural na produktong inihayag sa pamamagitan ng wika, kung pagpuna ang naging pangkalahatang tono ng panayam, nararapat ang ganitong estratehiya upang itambad sa paningin ang anomalya ng Buwan ng Wika.

Mahalagang idiin na bagamat pinututakte ng pagpuna ang Filipino sa loob ng maraming dekada, nanatiling matapat ang milyun-milyong Pilipino sa wika na sa loob ng mga taon ay patuloy na dumanas ng transpormasyon. Kung noong ikaanim na dekada, ang wika sa mga programang pambalitaan ay Ingles, bumaliktad ang mga higanteng estasyon at ginawang Filipino ang wika ng *TV Patrol*, at *24 Oras*; sa ngayon, tanging UNTV, CNN Philippines at Channel 4 na lamang ang may *broadcast* sa Ingles.

Naitatak sa kamalayan ng mga tao ang mga patalastas sa Filipino na nagdiiin ng pampamilyang pagpapahalaga (ang Vicks bilang “haplos ng pagmamahal”), ang pampublikong pagpapahalaga (ang San Miguel,

“Iba ang May Pinagsamahan”), ang kaibang panlasa ng mga Pilipino (ang “tamis-anghang” ng UFC ketchup, at ng “Langhap-sarap” ng Jolibee). Hindi Ingles ang ginamit sa kampanya kundi Filipino na umaantig sa damdamin at saloobin.

Ang Aktibismo at ang Filipino: Udyok sa Paglikha

Malaki ang bahagi ng pamamayani ng aktibismo nuong ikapito at ikawalong dekada sa ganitong pag-iiba ng landasin. Sa pangkalahatan, naiugnay sa *agenda* ng aktibismo ang paglilinang sa wika—isang programa na naka-ugat sa nasyunalismo. Ang pinakamatitinding diskurso ng aktibismo ay pinakawalan sa Filipino hindi sa Ingles. Filipino ang ginamit sa mga interbyu ng mga aktibista at politikong nakikisawsaw sa daloy ng panahon.

Sa ilang unibersidad tulad ng Unibersidad ng Pilipinas, Unibersidad ng Santo Tomas, Pamantasang Ateneo de Manila, Pamatansang De La Salle, Polytechnic University of the Philippines, halimbawa na, ginamit ang Filipino sa pagsasaliksik sa iba’t ibang pampanitikang anyo—maikling kuwento (Patricia M. Cruz), sinakulo at komedya (Nicanor G. Tiongson), nobela (Soledad S. Reyes), tula (Virgilio S. Almario), at kulturang popular (Roland Tolentino), at iba pang mga pagsusuri na naging mga premyadong aklat. Sa Filipino ipinahayag nina Bienvenido Lumbera, Isagani Cruz, Lilia Quindoza Santiago, Epifanio San Juan, Jr., at iba pang kritiko ang kanilang teorya at kritisismo. Patunay ito ng pagsisikap na pandayin pa ang wika upang makatulong sa pagbuo ng panunuring pampanitikan at teorya na nakatutok ang pananaw sa kakanyahan ng teksto.

Yumabong ang panitikan—tula, kuwento, dula, at nobela—sa panulat nina Ricky Lee, Dominador Mirasol, Bienvenido Noriega, Jun Cruz Reyes, Lualhati Bautista, Fanny Garcia, Mike Bigornia, Vim Nadera, Elynia Mabanglo, Joi Barrios, at marami pang iba—at nagkaroon ng higit na sigla ang panitikan. Sa mga kolehiyo at unibersidad, mga mag-aaral at mga propesor ay patuloy na lumilikha ng mga tula, maikling kuwento, nobela, dula, sanaysay at scripts sa pelikula. Ilan sa kanila sina Gen Asenjo, Alain Derain, Alvin Yapan, Francis Pasion, Eugene Evasco, si Eros Atalia, at marami pang iba. Buhay at masigla ang taunang palihan na ititaguyod ng iba’t ibang pamantasan sa pagtuklas at pagsasanay sa mga batang manunulat. Malaking bilang ng mga isinasali sa mga timpalak sa pagsulat

ng Palanca Awards, Centennial Awards, Likhaan UP, Surian ng Wikang Pambansa, at iba pang institusyon, ay isinulat sa Filipino. Isang patunay ito na patuloy ang paglikha na nagpapamalas ng mataas na antas ng pagiging malikhain bukod pa sa pagiging walang-takot na pagbibigat-buhay sa mga bagong isyu at tema, at paraan ng paglikha.

Ang Wika sa mga Disiplina

Sa kasalukuyan, patuloy ang pananaliksik sa Filipino na nagsimula nuong pang ikapitong dekada. Sa pilosopiya, nangunguna ang paring Heswita na si Roque Ferriols sa pagsusulat ng mga aklat sa Filipino, ang kanyang interbensiyon sa larangan ng pilosopiya na isang makapangyarihang disiplina na *Eurocentric*. Maraming awiitin sa misa ay gawa ng mga paring sina Manoling Francisco at Eduardo Hontiveros. Nagsusulat tungkol sa batis ng pananampalataya sa Filipino ang Heswitang si Jose Mario Francisco.

Sa kasaysayan, ang pangunahing historyador at antropolohistang si Zeus Salazar ang nagtatag ng Pantayong Pananaw na isinusulong ang pagsusuri sa mga konsepto sa sariling wika, at ang kanyang impluwensiya ay matatagpuan sa mga akda nina Jaime Veneracion, Nilo Ocampo, Ferdinand Llanes at iba pa sa Unibersidad ng Pilipinas. Ang sikolohistang si Virgilio Enriquez ang isa sa kauna-unahang iskolar na nagmina ng mga konsepto sa Filipino sa disiplina ng sikolohiya. Si Prospero Covar na sumusuri sa mga kalakarang taglay ang relihiyoso at politikal na dimensiyon sa Banahaw ang isa sa mga haligi ng antropolohiyang may Pilipinong pananaw.

Sa De La Salle University, patuloy si Tereso Tullao, Jr. sa pagsulat ng mga aklat at sanaysay, pagbibigay ng panayam sa Filipino tungkol sa ekonomiya, ang impluwensiya ng mga institusyong pinansiyal tulad ng World Bank at International Monetary Fund. Nagsusulat si Roderick Nuncio ng aklat at sanaysay tungkol sa bisa ng teknolohiya sa bansa.

Sa kasalukuyan ang mga nakababatang mananaliksik at iskolar ay patuloy na naglalabas ng produkto ng kanilang pananaliksik sa iba't ibang larangan sa Filipino, sa kanilang pagsisikap na isulat sa sariling wika ang bunga ng paggamit nila ng mga teorya at konseptong galing sa Kanluran subalit sinala ng kanilang pagiging Pilipino. Bahagi ito ng itinuturing na “intelektuwalisasyon” ng Filipino.

Ang pagsasalín sa Filipino mula sa ibang wika na isang mahalagang gawain sa *cross-cultural relations* ay malaon nang isinasagawa ng mga manunulat nuong pang unang mga dekada—mga salin nina Gerardo Chanco at Rosendo Ignacio sa Tagalog ng mga nobelang Kastila at Pranses, hanggang sa mga salin ni Rolando Tinio ng mga dulang galing sa Europa noong ikaanim na dekada, nina Marne Kilates ng mga akdang lokal at banyaga. Sa kasalukuyan, may nakitang posibilidad ang ilang publishers na nagpapasalin ng mga akdang popular—mula sa serye ng *Harry Potter* hanggang sa *Fifty Shades of Grey*—sa Filipino.

Ang Filipino at Mass Media

May ilang pang senyales na patuloy na paglakas ng Filipino. Sa telebisyon, ang mga nanalo sa “The Voice (Kid)” ay mga batang nagmula sa pamilyang mahirap—hindi nag-iingles. Ang batang si Lyca ay hindi pa nakatutuntong sa paaralan, ang pamilya ay nangangalakal lamang. Kinanta niya ang mga awiting Tagalog at naantig niya ang puso ng mga bumoto sa kanya. Ganoon din si Darlene, mahirap, hindi Inglesera, at umawit ng kantang Filipino. Sa kabilang estasyon naman mapapanood si Ryzza Mae Dizon, galing sa mahirap subalit bata pa lamang ay nagpakita na ng angking talino. Filipinong-filipino sa anyo at pagsasalita (puro “po”), at kung may panauhing nagsasalita sa Ingles, sinasabi ng bata na siya ay nagkakanosebleed dahil hindi siya sanay sa Ingles, na palasak na biro ng maraming hindi sanay sa wikang banyaga.

Sa telebisyon at radyo, Filipino ang diskurso ng mga komentarista (kahit na sa programa ni Teddy Boy Locsin) sapagkat batid nila na kailangang nilang makipag-ugnayan sa mga tao. Ang mga politiko at mga opisyal ng gobyerno ay nagsasalita sa Filipino sapagkat tunay na kahiya-hiya kung sasagot sila sa Ingles habang kinakausap sa Filipino. Batid din ng mga ito kung sino ba ang makikinabang o parurusahan ng mga bako-bakong lansangan, malawakang pagbaha, buhol-buhol na trapiko, burokrasya sa LTO, at ng nakasusuka at malawakang pandarambong, mga kaganapang humahagip sa lahat ng mamamayan, lalong lalo na sa mga mahihirap.

At sa paglitaw ng anyo ng *graphic novel*, muling lumilikha sa kamalayan ang nakalarawang mga akda, sa paraang nagpapamalas ng paggamit ng mga kabataang manunulat tulad nina Carlo Vergara, Dean Alfaro, Mannix

Abrera, halimbawa na, ng higit na makabagong impluwensiya sa pagkatha at tumalakay ng di-tradisyunal na tema. (13)

Hindi itinatwa ang Filipino sa panitikan at kultura ng karaniwang mamamayan mula pa noong ika-19 na siglo. Hindi na itinatatwa ang Filipino sa mga disiplinang pinamayanihan ng Ingles sa mahabang panahon na naging dahilang upang isipin ng marami na sa pagbabasa lamang ng wikang banyaga makakukuha ng kaalaman sa pilosopiya, sikolohiya, ekonomiya, kasaysayan, kritisismo, sikolohiya, at iba pang larangan. Unti-unti, ang Filipino ay nakapasok na sa akademya—anim na yunit ng Filipino sa kolehiyo. Kaya nga, nakapagtataka kung bakit waring lumiit ang pagpapahalaga sa Filipino sa bagong kurikulum na K-12. Isa itong malaking problema at isang hakbang na paurong sa edukasyon.

Ang Filipino sa Koridor ng Kapangyarihan

Dapat ding idiin na sa loob ng nakaraang apat na taon, Filipino ang ginagamit ng pangulo sa kanyang *State of the Nation Address* o SONA. Para sa marami, hindi ito maganda dahil hindi siya naiintindihan ng mga marunong lamang sa Ingles (katulad ni Kalihim Albert del Rosario na napilitang gumamit ng headphone kasama ng mga embahador mula sa ibang mga bansa), at hindi maiintindihan ng international community, kahit na nga may salin ang SONA. Subalit alam ng Pangulo na ang SONA ay para sa karaniwang tao na kailangan niyang pagpaliwanagan kung ano ba ang nagawa at gagawin pa ng kanyang administrasyon—sila ang *silent majority* laban sa *powerful and vociferous minority*.

Maraming kahinaan ang mga SONA—mga heneralisasyon, mga maling datos at kongklusyon, ang pambabatikos sa nakaraang rehimen, at iba pang depekto. Subalit mahirap pasubalian na ang ganitong pagtatanghal sa wika sa isang gawaing pang-estado ay isang positibong hakbang sa pagbabalik ng sigla sa wika sa koridor ng kapangyarihan. Sa lahat ng naging pangulo ng republika (mula kay Manuel Roxas hanggang kay Gloria Arroyo), si Pangulong Aquino lamang ang buong tatas at buong taimtim na nagsalita sa sariling wika; hindi ang kinaugaliang simula, “magandang hapon”—at wakas—“maraming salamat sa inyong lahat,” na nakagawian ng mga dating pangulo. Ang wika na itinapon ng makapangyarihan sa labas ng politikal na diskurso ay nakabalik sa wastong luklukan nito tuwing sasapit ang ikaapat na Lunes ng Hulyo mula noong 2011.

Isa itong makapangyarihang simbolo na maaaring hindi lubusang naiintindihan ng marami, lalo na yaong patuloy na humahabi ng di-makatotohanang naratibo tungkol sa wika at lipunan. (14) Subalit naintindihan ito ni Conrad de Quiros at Randy David at marami pang komentarista at mga tinatawag na “intelektuwal” sa akademya. Ang epekto nito ay hindi mabibigyan ng kantidad subalit hindi mapasusubalian ang bunga nito sa pambansang *psyche*—ang wika bilang sagisag ng pagkakaisa sa isang bansang pinaghahati-hati ng magkakasalunta na puwersa at interes. (15)

Kongklusyon

Masalimuot ang landasing tinahak ng wikang sarili sa ating kasaysayan at lipunan. Sinikap ng panayam na ito na ipakita ang tugon ng mga Pilipino sa sariling wika, at sa mga paggamit dito, sa iba’t ibang bahagi ng kasaysayan, at ipaliwanag kung paano patuloy na nabuhay ang wika sa mga artipak na bahagi ng kamalayang popular.

Marami pang isyu na dapat maingat na suriin tungkol sa wika na hindi naman kayang busisiin ng panayam. Mga isyu ito na nasa kamay na ng mga eksperto—mga dalubhasa sa wika at kultura, ang Komisyon sa Wikang Filipino, ang Kagawaran ng Edukasyon at CHED. Ang mga ibinahagi ko sa inyo ay batay sa aking pananaliksik sa daan-daan kung hindi man libong akda—nobela, kuwento, tula, komiks, pelikula, telebisyon na pinag-aralan o pinanood ko sa loob ng mahabang panahon, at daan-daang ding aklat at sanaysay na binasa ko tungkol sa teorya at kritisismo.

Ang paglikha ng makatotohanan, malawak at malalim na naratibo ng pagkabansa ay hindi mabubuo kung hindi ihahabi, kasama ng mga pangyayari sa kasaysayan, ekonomiya, politika, negosyo, edukasyon, ang napakahalagang papel hindi lamang ng Filipino kundi ng iba’t ibang wika mula sa mga rehiyon ng bansa. Taliwas sa namamayaning pananaw sa wika, ang anumang wika ay hindi lamang ginagamit sa pagtukoy sa anumang penomenon o karanasan. Sa pag-usal ng salita tunay na nagiging realidad ang isang penomenon, bagay, o karanasan. (16) Ganito kahalaga ng wika sa pagdalumat sa espisipiko at naka-ugat sa mga particular na karanasan na bumubuo sa kasaysayan ng ating bansa.

Higit isandaang taon na nang magtanong si Andres Bonifacio:

Aling pag-ibig pa ang hihigit kaya
Sa pagkadalisyay at pagkadakila
Gaya ng pag-ibig sa Tinubuang lupa?
Aling pag-ibig pa? Wala na nga, wala.

Ganito rin kaya ang sagot natin?

MGA TALA

1. Roman Reyes, *Pusong Walang Pag-ibig* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1990).
2. Nauna dito ang magkaugnay na proklamasyon nina Pangulong Sergio Osmena, kasunod si Pangulong Ramon Magsaysay (1953-57) na gawin sa Marso 27 hanggang Abril 2, kapanganakan ni Francisco Baltazar, ang Linggo ng Wika. Ang Pangulong Magsaysay din ang nagtakda na ipagdiwang ang Linggo ng Wika sa Agosto bilang paggunita kay Pangulong Quezon. Ang pormal na pagtatakda ng Agosto bilang Buwan ng Wika ay ginawa ng Pangulong Fidel V. Ramos nuong 1997.
3. Soledad S. Reyes, *Nobelang Tagalog, 1905-1975: Tradisyon at Modernismo* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1982), ph. 43-59.
4. Lope K. Santos, “Tinging Pahapaw sa Kasaysayan ng Panitikang Tagalog,” sa *Kritisismo*, pinamatnugutan ni Soledad S. Reyes (Pasig City: Anvil Publishing, Inc. 1992), p. 193.
5. Faustino Aguilar, *Ang Nobelang Tagalog, Kahapon, Ngayon at Bukas* (Manila: Institute of National Language, 1949), p. 2.
6. Para sa komprehensibong pagsusuri sa kontribusyon ng *Lidayway* sa panitikan, basahin ang “Ang *Lidayway* at ang Panitikang Tagalog (1922-1975),” sa Soledad S. Reyes, *Narratives of Note* (Manila:

University of Santo Tomas Publishing House, 2012), ph. 193-230.

7. Renato Constantino, "The Mis-education of the Filipinos," sa *Rediscovery*, (pat.), Cynthia Lumbea at Teresita Maceda (Quezon City: National Book Store, 1977), ph. 125-144. Para sa malawakang pagsusuri sa sistemang edukasyunal na itinatag ng mga Amerikano, maaaring basahin ang Cristina E. Torres, "Changing Step, Changing Tune, A Study of Contrasts in the Philippine Educational System Under the Americans," sa Bernardita Churchill (pat.), *Manila, Selected Papers of the Annual Conference of the Manila Studies Association, 1989-1993* (Manila: Manila Studies Association, 1994), ph. 167-178.
8. Upang maunawaan ang proseso ng pagbuo ng panlasa batay sa pamantayan o kanon, basahin ang John Guillory, "Canon," sa Frank Lentricchia at Thomas Mclaughlin, *Critical Terms for Literary Study* (Chicago: University of Chicago Press, 1990), ph. 233-249.
9. Teodoro A. Agoncillo, "Kami," *Ang Maikling Kuwentong Tagalog, 1886-1948* (Lungsod Quezon: Kayumanggi Press, 1949), p. 28. Para sa pagsusuri sa mga batayan ng tagisan ng lakas ng dalawang pangkat ng mga manunulat sa Tagalog, basahin ang Virgilio S. Almario, *Balagtasismo Versus Modernismo* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1984), ph. 129-139.
10. Ang pagpapalagay sa sarili bilang angat sa popular na manunulat (yaong nagsusulat para sa mga lingguhang magasin tulad ng *Lidayway* at *Sampagita*, halimbawa na) ay malinaw na matatalos sa paggamit ng mga konseptong "Sakdalista at Aristokrata." Idinidiin dito ang di-komersyal na katangian ng mga akda ng mga kabataang manunulat.

Ang Kilusang Sakdalista na pinamunuan ng manunulat na si Benigno Ramos (kilala bilang "Ben Ruben") ay itinatag nuong 1930 at nuong Mayo, 1935, nag-alsa ang mga Sakdalista laban sa pamahalaan na biktma ng naganaknak na suliranin sa lupa.

Ang termino sa Pranses ("J'accuse") ang konseptong batayan ng "sakdal". Si Emile Zola ang naglathala sa pahayagan na nag-aakusa sa pamahalaang Pranses ng antisemitismo at sa ilegal na pagkabilanggo kay Alfred Deyfus sa pagtataksil sa bayan.

Sa kabilang dako, ang konseptong “aristokrata” ay naglalayong ikabit ang kilusan ni Agoncillo sa mataass na uri (dugong bughaw) na nagtaglay ng kapangyarihan sa estado at lipunan sa mahabang panahon sa Europa. Sa pag-angat ng gitnang uri sa ikalabingwalo at ikalabingsiyam na dantaon, unti-unting nanghina ang kapangyarihan ng mga aristokrata sa Europa.

11. Basahin ang Dwight Macdonald, “A Theory of Mass Culture,” sa John Storey (pat.), *Cultural Theory and Popular Culture* (Athens: The University of Georgia Press, 1998), ph. 22-36.
12. Jose Lacaba, “Notes on ‘Bakya,’” *Rediscovery*, ph. 212-217. Sa ikapitong dekada, ang konseptong “bakya” ay nagtaglay ng malaking bilang ng kahulugan na laban sa katutubo at sa mahirap na uri.
13. Maaaring basahin ang mga sumusunod na sanaysay upang mapalinaw ang mga naganap nuong dekada apatnapu tungo sa paggamit sa Tagalog bilang wikang-batayan ng wikang pambansa at ang mga mitong hinabi upang palabuin ang kahalagahan ng ganitong pagpapasya: Marne Kilates, “Filipino: A Conspiracy of Non-Tagalog,” *Philippine Daily Inquirer*, Agosto 12, 2014, p. E1; Marne Kilates, “Who Killed Tagalog? A Different Whodunit,” *Philippine Daily Inquirer*, Agosto 19, 2014, p. E1; at David Michael M. San Juan, “Debunking PH Language Myths,” *Philippine Daily Inquirer*, Agosto 17, 2014, p. A16.
14. Isang malinaw na halimbawa ang Carlo Vergara, *Ang Kagila-gilalas na Pakikipagsapalaran ni Zsazsa Zsaturnnah* (Makati City: Visual Print Enterprises, 2003) . Isa itong matapang at malikhaing akda na taglay ang ilang kombensiyong namana sa mga komiks kasabay ang paggamit ng mga tema at teknik hango sa mga kasalukuyang problematiko at karanasan. Isinadula at isinapelikula ang tekstong ito na patunay ng popularidad nito.
15. Ang pagkakahati ng bansa maging sa pambansang wika ay tinalakay sa “Hanggang Pambansang Wika, hati-hati pa rin si Juan,” Editorial sa *Bulgar*, Agosto 5, 2014, p. 3.
16. Masalimuot ang mga teorya sa wika at ang ugnayan ng wika at “realidad,” ng wika at ng teksto. Para sa maikling buod ng ilang teorya sa wika, basahin ang Lee Patterson, “Literary History,” sa *Critical Terms for Literary Study*, ph. 257-58.